# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 15, 2024, LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/29/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 26 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 003-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY SANTISIMA CRUZ, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 104-T2023 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 13-T2023 NA MAY KABUUANG HALAGANG P178,000.00 MULA SA BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN NG SURPLUS 2022 NG KARAGDAGANG BADYET NOONG MARSO 18, 2023 UPANG ILAAN PARA SA SERVICE RECOGNITION INCENTIVE (P148,000.00) AT OTHER MOOE – LAND TITLING (P30,000.00) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 104-T2023 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 13-T2023 na may kabuuang halagang P178,000.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Surplus 2022 ng Karagdagang Badyet noong Marso 18, 2023 upang ilaan para sa Service Recognition Incentive (P148,000.00) at Other Mooe – Land Titling (P30,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Lea A. Almarvez (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ni Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Laura P. Obligacion at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 104-T2023 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 13-T2023 na may kabuuang halagang P178,000.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Surplus 2022 ng Karagdagang Badyet noong Marso 18, 2023 upang ilaan para sa Service Recognition Incentive (P148,000.00) at Other Mooe – Land Titling (P30,000.00) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 15, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan